School Year 2024

《タガログ語版》

**Para sa mga dayuhang mag-aaral at magulang/tagapag-alaga**

# 進路(しんろ)の手引(てび)き

# Patnubay sa Akademya at Pagpipiliang Karera



豊橋市教育委員会(とよはししきょういくいいんかい)

Board of Education, Toyohashi Schools Division Office

# Index


1. Sistema ng Edukasyon sa Japan ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 1

2. Tungkol sa Senior High School

(1) Pampublikong Senior High School (Full time ) ・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 2

(2) Kumbinasyon ng grupo sa pagkuha ng entrance exam sa pampublikong paaralan (Full time ) ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 3

(3) Tungkol sa Part Time Senior High School System ・・・・・・・・・・・・・・ 4

(4) Tungkol sa Correspondence (Home-based) high school "TSŪSHIN-SEI" ・・・・・ 5

(5)Tungkol sa Paraan ng Online (WEB) Registration para sa Public Senior High School ・・・・・・・・・・・・・・・ 5

(6) Tungkol sa Pribadong Senior High school ・・・・・・・・・・・・・・・ 6

(7) Pangunahing Subsidy System ・・・・・・・・・・・・・・・ 7

3. Iba pang Pagpipiliang Karera

(1) Technical Institution (2) Aichi Prefecture Higashi Mikawa Vocational Training Institute HIGASHI MIKAWA KOU (3) Pagtatrabaho ・・・・・・・・・・・・・・ 8

4. Q & A

Q1:Academic & Career schedule ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 9

Q2:Pagkakaiba ng Junior High School Q3:Pagkuha ng exam, kwalipikasyon
Q4:Text books Q5: Grades evaluation (*Naishinten*) Q6:Uniform, at iba pa・・・・ 10

Q7:Pagtatrabaho habang nag-aaral, Q8:Part time job,

Q9:Open school o open campus ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 11
Q10:Desisyon para sa karera Q11:Academic Written Exam (Entrance examination)

Q12 : Interview test ・・・・ ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 12
Q13: GAIKOKUJINSEITOTOU SENBATSU
(Special entrance examination para sa banyagang estudyante,atbp.)
(Toyohashi Nishi Kōkō, Toyokawa Kōka Kōkō, Mito Aoba Kōkō ) ・・ 13
Q14:Pagsasaalang-alang sa banyagang estudyanteng papasok sa part time senior high school ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 14

Q15: Vocational Training Center ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 14
Q16: "TOKUSHOKU SENBATSU"(Specialized Selection)・・・・・・・・・・・・・ 15


5. Personal na karanasan ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 16

6.Napakahalagang mga bagay ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・ 17

<Appendix> Tulong Pangmatrikula para sa mga Prefectural Senior High School
(High School Tuition Support Fund System for Prefectural Senior High Schools)

# 1. Sistema ng Edukasyon sa Japan

Ipinapaliwanag nang madali dito ang sistema ng edukasyon sa Japan. Dito sa Japan, ang obligatoryong edukasyon ay (6 na taon) elementarya at (3 taon) junior high school. Matapos makumpleto ang obligatoryong edukasyon, 99% ng junior high school graduates ay pumapasok sa senior high school (3 taon). Pagkatapos ng senior high school, 82% ang nagpapatuloy sa unibersidad (4 na taon), short course college (2-3 taon), o kaya ay vocational training center (1-2 taon).




## Bakit papasok sa Senior High School?

Sa Japan, kaunti lamang ang bilang ng junior high school graduates na agad nagtatrabaho, halos 1% lamang. Ang dahilan nito ay mas pinipili ng mga kumpanya ang nakatapos ng senior high school, university at vocational training center sa halip na tumanggap ng junior high school graduates.

Gayundin, mas nakararami sa Japanese ang may pag-iisip na napakaimportante ng pagsulong ng kaalaman sa edukasyon at paghasa ng kakayahan sa paaralan. Bukod dito, maraming trabaho ang hindi makakamtan kung hindi nakapagtapos ng senior high school. Ang pagpasok sa senior high school ay makakatulong din na mahanap ang sariling potensyal at palawakin ang option sa karera para sa hinaharap.

## 2. Tungkol sa Senior High School (Kōkō)

May dalawang klase ng senior high school: Pampubliko at pribado. Ang mga senior high school ay karaniwang nagsasagawa ng klase mula Lunes hanggang Biyernes, mula higit kumulang 8:30 AM hanggang 4:00 PM nag-aaral at ito ay tinatawag na full time school system.

Bukod sa regular na kurso na naglalayong magpatuloy sa unibersidad, ito rin ay dalubhasa sa layunin para sa trabaho. Mayroon ding departamentong tinatawag na Sōgō (integrated course), kung saan maaaring pumili ng aralin ayon sa departamentong pinag-aaralan at sa sariling interes. )

### (1)Tungkol sa Pampublikong Senior High Schools (Full Time)

Ang pampublikong paaralan ay pinamamamahalaan ng prepektura at lungsod. Kung ikukumpara sa pribadong paaralan, katangian nito ang murang bayad.

Sa Aichi prefecture, isang bagong sistema ang ipinatupad at ito ay sinimulan sa bagong entrance exam ng mga taong natanggap noong April 2023.

Sa general examination, maaari pa ring mag-apply sa 2 paaralan, at ang academic written exam (entrance examination) ay isang beses lamang.

| | **Examination para sa Recommended Student** | **General Examination** |
|---|---|---|
| | Nais ng mga pribadong paaralan na tiyaking determinadong mag-enroll sa kanilang paaralan. Gayundin, nais nilang tiyakin na ang inyong mga grado ay mabuti at kung gaano kalaki ang rekomendasyon sa punong guro ng junior high school. | Maaaring pumili ng tag-isang paaralan mula sa A group at B group (page 3) , sa kabuuang hanggang 2 paaralan. |
| Academic Written Exam | ・Interview<br>・"Chōsasho hyōtei"<br>（Marka para sa 2nd quarter）<br>※walang written exam | ・Academic written exam (5 subjects) (mark sheet method)<br>・Interview<br>(※ May paaralang walang interview)<br>・"Chōsasho hyōtei"<br>（Marka para sa 2nd quarter） |
| Matapos makapasa | Ang mag-aaral na pumasa sa prosesong ito ay kailangang mag-enroll sa paaralan. | Nakapasa sa first-choice o second-choice high school. Maaari ring bumagsak sa dalawang paaralan. |
| Entrance Examination fee | ¥ 2,200 | |
| Enrolment fee | ¥ 5,650 | |
| Tuition fee | ¥118,800 (Bayarin bawat taon) ※ 4 na beses babayaran sa isang taon.<br>Tungkol sa tuition fee ng prefectural high school, mayroong support fund system para sa high school enrollment. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang huling pahina ng guide na ito. | |
| Miscellaneous fees | Higit kumulang ¥ 6,000 (buwanang bayad) | |
| Other fees | (School and P.E. Uniform) …¥ 80,000 (Textbooks) …¥ 20,000 | |

## (2) Kumbinasyon ng Grupo sa Pagkuha ng Entrance Exam sa Pampublikong Paaralan (Full Time)

**【Ang pagpangkat ay batay sa pagsusuri noong nakaraang taon】**

| | A Group | B Group |
|---|---|---|
| **Regular Curriculum**<br><br>**Mikawa Group** | **Yutakagaoka**<br>**Toyohashi Minami**<br>(Mayroong Education Course)<br><br>**Fukue (**Mayroong **Social Welfare course,**<br>Tourism Business Course)<br><br>**Kou**<br><br>**Mito Aoba**<br><br>**Okazaki** | **Jishuukan**<br>**Toyohashi Higashi**<br>(International Understanding Courses Available)<br>**Sei-shou**<br>**Kozakai**<br>**Gamagori Higashi**<br>**Taguchi**<br>(Nature Exploration Course available) |
| **Specialized Curriculum** | **Toyohashi Kōka Kōkō**<br>(Robot, Mechanical, Electronic Engineering Course)<br>(Architectural design, Urban Engineering Course)<br>**Toyohashi Shōgyō**<br>( Integrated Business:<br>Global Business, Commerce,<br>Information Technology Business)<br>**Toyohashi Minami** (Lifestyle Design)<br>**Yutakagaoka** (Lifestyle & culture)<br>**Ko-u** (Integrated Business Course)<br>**An-jou Nōrin**<br>(Agriculture and Horticulture)<br>(Flower Science)<br>(Food Science)<br>(Biology/Animal Science)<br>(Forestry and Environmental Studies)<br>**Asahi-gaoka** (Art)<br>**Mei-wa** (Music)<br>**Hou-ryou**<br>(Welfare and Social Work)<br>(Healthcare)<br>**Shinshiro Higashi Tsuku-de Kousha**<br>(Social and Environmental Studies) | **Toyokawa Kōka Kōkō**<br>(General: Robot, Mechanical and<br>Electronic Engineering<br>Information<br>design(Livelihood Education)<br><br>**Sei-shou** (Integrated Business Course)<br>(Lifestyle & culture)<br><br>**Atsumi Nōgyō**<br>(Agriculture and Horticulture)<br>(Food Science)<br>(Lifestyle Science)<br><br>**Miya Suisan**<br>(Marine Science)<br>(Telecommunications)<br>(Marine Resource Science)<br>(Fisheries and Food Production)<br><br>**Taguchi** (Forestry)<br><br>高等学校への入学　愛知県<br>https://www.pref.aichi.jp/soshiki/kotogakko/0000027366.html |
| **Integrated Curriculum** | **Gamagori** | **Toyohashi Nishi**<br>**Shinshiro Yūkyōkan**<br>**(Humanities･Specialization)** |

※Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pampublikong senior high school, mangyaring tingnan ang "Pagpasok sa Senior High School Aichi Prefecture" (Aichi Prefectural Board of Education website).

## (3) Tungkol sa Part Time Senior High School System

Ang part-time na senior high school ay karaniwang 4 na oras sa isang araw. Maaaring matuto habang nagtatrabaho. Ipinapalagay na magtatapos sa loob ng 4 na taon, ngunit maaari ring makapagtapos sa loob ng 3 taon sa pamamagitan ng pagkuha ng mga karagdagang klase na itinalaga ng paaralan. Mayroong kurso sa pang-umaga at panggabi.

Tandaan po lamang na simula sa taong ito, isang beses lang makakapag-take ng entrance exam ang mga estudyante para sa part-time na high school.

Ang mga sumusunod na part-time senior high school ay matatagpuan sa paligid ng Toyohashi City.

【Toyohashi-shi】 Toyohashi Shiritsu Toyohashi Kōkō "Ichikō"
(pang-araw, regular course/panggabi, Integrated business course)
Aichi-ken Ritsu Toyohashi Kōka Kōkō (panggabi, mechanical course)
【Gamagori-shi】 Aichi-ken Ritsu Gamagori Kōkō (panggabi, regular course)
【Shizuoka-ken Kosai-shi】 Shizuoka-ken Ritsu Arai Kōkō (panggabi, regular course)
【Toyokawa-shi】 Aichi-ken Ritsu Mito Aoba Kōkō (pang-araw, regular course)
Flexible high school mula sa school year 2025.

<table>
<tr><th></th><th colspan="2">General Examination</th></tr>
<tr><td></td><td colspan="2">Walang selection by recommendation. General examination lamang.<br>Hindi maaaring pagsabayin ang exam sa selection by recommendation ng public school at general entrance examination.</td></tr>
<tr><td>Academic Written Exam</td><td colspan="2">Written exam sa Japanese/ Math/ English, interview at essay writing composition.<br>(May pagkakaiba depende sa senior high school)</td></tr>
<tr><td>Paalala</td><td colspan="2">Bukod sa paglalagay ng Hiragana sa Kanji ng academic written exam, maaaring isagawa ang interview test nang individual interview bilang pagsasaalang-alang.<br>Ang mga makakatugon sa alinman sa mga sumusunod na kundisyon ay maaaringmakatanggap ng pagsasaalang-alang na ito.<br>・Dumating o nag-enrol sa Japan noong Grade 4 pataas<br>・Ang kabuuang panahon ng pamumuhay sa Japan ay mas mababa sa 6 na taon.</td></tr>
<tr><th></th><th>Toyohashi-Shiritsu Toyohashi Kōkō "Ichikō"</th><th>Prefectural Part Time Senior High School</th></tr>
<tr><td>Entrance Examination Fee</td><td colspan="2">¥ 950</td></tr>
<tr><td>Enrollment Fee</td><td>¥ 0</td><td>¥ 2,100</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Tuition Fee</td><td>¥ 2,000 (buwanang halaga)</td><td>¥ 2,700 (buwanang halaga)</td></tr>
<tr><td colspan="2">※Gayunpaman, kung ang school enrollment support system ay ini-aaply, walang tuition fee ang sisingilin.</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Mga gastos sa paaralan (buwanang halaga)</td><td>¥ 4,500 (pang-araw) ¥ 5,000 (panggabi)</td><td>Humigit-kumulang ¥ 4,000～¥ 10,000</td></tr>
<tr><td colspan="2">※Kasama ang bayad sa PTA membership fee, student membership fee, school trip fee, graduation album fee, atbp.</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Miscellaneous Fee</td><td>¥45,000 (pang-araw),<br>Humigit-kumulang ¥ 75,000 (panggabi)</td><td>Humigit-kumulang ¥ 50,000 ～ 100,000</td></tr>
<tr><td colspan="2">※ Magbabayad nang isang beses sa oras ng pagpasok para sa mga gastos na kinakailangan para sa pamumuhay sa paaralan bilang 1st year. Kasama ang mga aklat, materyales sa pag-aaral, bayad sa pagsasanay, P.E. uniform, gymnasium shoes, atbp.</td></tr>
<tr><td>Iba pa</td><td colspan="2">【pang-araw】 School uniform … (pang-winter) halos ¥ 50,000,<br>(pang-summer) halos ¥ 20,000,<br>【panggabi】 school meal cost……humigit-kumulang ¥ 2,600～5000 (buwanang halaga)</td></tr>
</table>

**※Kahit na ito ay isang part-time system, humigit-kumulang ¥50,000～100,000 ang kakailanganin sa oras ng**

pagpasok. (Ang halaga ay nag-iiba depende sa senior high school.)

### (4) Tungkol sa Correspondence (Home-based) high school “TSŪSHIN-SEI”

Ang Correspondence high schools ay credit-based schools kung saan ang mga estudyante ay maaaring mag-aral sa sariling pace katulad ng isang unibersidad. Kabilang sa mga benepisyo ng paggamit ng programang ito ay ang malayang makapagtakda ng sariling oras at araw ng pag-aaral, at dahil sa ito ay credit system, walang peligro ng pag-uulit ng taon.

Ang system na ito ay sisimulan sa public school Mito Aoba Senior High School sa School year 2025. At kabilang sa Private schools ang “NHK GAKUEN KŌTŌ GAKKŌ”, atbp.

### (5) Tungkol sa Paraan ng Online (WEB) Registration para sa Public Senior High School

Upang makakuha ng entrance examination sa senior high school, kailangang magpa-register (application) para sa pagsusulit. Ang private high schools ay tumatanggap ng online (WEB) registration sa loob ng ilang taon, habang ang public high schools ay tumanggap ng online (WEB) registration mula noong nakaraang taon.

Naririto ang isang simpleng paliwanag kung paano magparehistro para sa entrance exam, ngunit para sa karagdagang impormasyon, mangyaring magtanong sa guro ng paaralan o tingnan ang website ng Aichi Prefectural Board of Education.

**Mga hakbang sa online registration para mag-aaply sa public high schools**

| Procedure na dapat gawin ng mga magulang at estudyante | Procedure na dapat gawin ng paaralan |
|---|---|
| **1. New user registration** | |
| **2. Applicant information registration** | |
| | 3. Pag-apruba ng paaralan (CHŪGAKKŌ) |
| **4. Pagbabayad ng entrance examination fee** | |

※Ang mga paraan ng pagbabayad ay credit card, pagbabayad sa convenience store, o Pay-easy.

※Kinakailangang kumpletuhin ang mga hakbang hanggang ④ sa loob ng napagpasyang panahon ng registration (bandang katapusan ng January).

| | |
|---|---|
| | 5. Pagtanggap ng pagpaparehistro (KŌKŌ) |
| **6. I-download at I-print ang examination admission ticket** | |

# (6) Tungkol sa Pribadong Senior High School

Kapag naririnig ng mga tao ang mga salitang "private senior high school," karaniwang iniisip na mahal dito. Gayunpaman, sa Aichi Prefecture ay may ilang mga magulang na nakakakuha ng suporta ng bayad sa pag-aaral, **Tuition fees Reduction Support System** at / o **Subsidized System** para sa enrollment fee.

Sa pamamagitan nito, ang pagkakaiba sa mga gastos na nauugnay sa pagpasok sa alinman sa pampubliko o pribadong paaralan ay 'di nagkakalayo. Gayundin, ang pag-aaral sa isang pribadong paaralan ng lungsod ay maaaring maging mas mura sa halip na mamasahe sa isang malayong pampublikong paaralan. Ang maraming mga pribadong paaralan ay nag-aalok ng mga espesyal na subject para sa mga nais na magpatuloy sa unibersidad at para sa mga nais magpatuloy sa karera pagkatapos ng senior high school. Maraming pribadong paaralan ay mayroon ding mga reputasyon para sa pagpapadala ng mga nagtapos sa mga respetadong korporasyon.

| | Examination para sa recommended student | General Entrance Examination |
|---|---|---|
| | Nais ng mga pribadong paaralan na tiyaking determinadong mag-enroll sa kanilang paaralan.<br>Gayundin, nais nilang tiyakin na ang inyong mga grado ay mabuti at kung gaano kalaki ang rekomendasyon sa punong guro ng Junior high school | Maaaring kumuha ng pagsusulit kahit ilang bilang ng paaralan hangga't ang mga petsa ng pagsusulit ay hindi magkakapareho.<br>Ang mga kukuha ng public general entrance examination ay maaari ring kumuha ng private general entrance examination. |
| Academic written exam | Exam sa Japanese, Math at English, essay, interview atbp.<br>(depende sa paaralan) | Sinasaklaw ng pagsusulit ang 5 pangunahing subject, panayam atbp.<br>(May pagkakaiba depende sa paaralan.) |
| Matapos makapasa | Ang mag-aaral na pumasa sa prosesong ito ay kailangang mag-enroll sa paaralan. | Hindi kinakailangang pumasok sa pribadong paaralan kung nakapasa sa pagsusulit sa parehong pampubliko at pribadong paaralan.<br>Gayunpaman, kailangang magbayad ng bahagi ng enrollment fee na humigit-kumulang ¥ 20,000. |
| Exam Fee | ¥ 15,000 | |
| Enrollment Fee | Higit kumulang ¥ 200,000 | |
| Tuition fee | ¥ 30,000 - 37,000 (buwanang halaga)<br>Ito ay karaniwang binabayaran tuwing ika- 2 o 3 buwan.<br>＊**Batay sa kinikita ng magulang, maaaring makatanggap ng tulong pinansyal mula sa gobyerno, prepektura at lungsod.**<br>**Kabilang ang bayad sa pag-aaral, mga bayarin sa pasilidad, mga bayad sa PTA at iba pa, ang average na gastos sa bawat buwan ay humigit-kumulang ¥ 40,000.** | |
| Miscellaneous fees | Higit kumulang ¥12,000 (buwanang halaga) | |
| Other fees | （School and P.E. Uniform）… ¥ 80,000 （Textbooks）…¥ 20,000 | |

> Ang lahat ng ito ay impormasyon noong nakaraang taon. Mangyaring i-check ang student recruitment guidelines at website ng bawat senior high school na opisyal na ihahayag sa October.

**Sa simula ng Pebrero, kakailanganing maghanda ng higit kumulang ¥ 200,000 (para sa bayad sa enrollment fee) at sa katapusan ng Marso, kakailanganing maghanda ng higit kumulang ¥ 200,000 〜 ¥ 400,000 (para sa mga uniporme, mga aklat, atbp). Kung kaya't, kakailanganing maghanda ng higit kumulang ¥ 400,000 〜 ¥ 600,000 hanggang sa katapusan ng Marso. (Ang halaga ay maaaring magbago depende sa paaralan.)**

※Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga private high schools, mangyaring tingnan ang website ng "Aichi Prefectural Private Senior High School Association".「Aichi ken shigaku kyōkai」.

Link sa mga website ng bawat private senior high school.

Tungkol sa pananalapi




あいちけんしがくきょうかい
愛知県私学協会
https://www.aichi-shigaku.gr.jp/

## (7) Pangunahing Subsidy System (School Year 2024)

| | Scholarship & School Financial Assistance | Obligasyon sa Pagbayad | Aplikasyon |
|---|---|---|---|
| Private | 1. Aichi Prefecture Enrollment Fees Subsidy Program (Para sa Private Sr. High School fulltime/part time system) | 'Di kailangan | April Mag-aplay sa private high school na pinasukan |
| Private | 2. Aichi Prefecture Tuition fees Reduction Subsidy (Para sa Private Sr. High School fulltime/part time system) | 'Di kailangan | April Mag-aplay sa private high school na pinasukan |
| National- Public- Private | 3. Special Relief Fund/ Scholarship For Households Experiencing Sudden Financial Difficulties (Para sa national, public and private schools, atbp.) | 'Di kailangan | Panahong binigay ng senior high school |
| National- Public- Private | 4. Aichi Prefecture Sr. High School Student Loan (Para sa national, public and private schools, technical institutions) | Kailangang magbayad | Panahong binigay ng senior high school (Sa simula ng June) |
| Public | 5. Aichi Prefecture Senior High School Tuition Support Fund System (Para sa Public Sr. High School fulltime/part time system/Home-based learning) | 'Di kailangan | Mag-apply online sa oras ng pagpasok |

※Sa bawat kaso, pagkatapos bayaran ang mga kinakailangang bayarin, makakakuha ng tulong sa pamamagitan ng pagkumpleto ng procedures upang maibalik ang perang binayaran.　Kung nais itong gamitin, mag-apply sa senior high school na papasukan.

# 3. Iba pang Pagpipiliang Karera

## (1)Technical Institution

Sa ganitong uri ng paaralan, magkakaroon ng pagkakataong makapagtatag ng kakayahan na magagamit sa trabaho sa hinaharap o sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang mga paaralang ito ay nag-aalok ng mga kursong home economics, culinary arts, communication, pagdidisenyo at iba pa.

Sa Toyohashi city, mayroong isang public school na tinatawag na "Toyohashi Kasei Specialized Training School " na nag-aalok ng ganitong uri ng kurikulum.

### ◎Toyohashi Kasei Technical Institution

(Toyohashi Shiritsu Kasei Kōtō Senshū Gakkō)

Sa P.14, Q15, ang ilang mga mag-aaral ay nagpapatuloy sa "Vocational Training Center"

- Panahon・・・ 3　taon
- Mga kwalipikasyon at National Certifications na pwedeng makuha:　Kwalipikasyong mag-apply sa university, chef certificate, "The Tea Ceremony" at flower arrangement certificate, Food sanitation supervisor certificate, Business writing Proficiency Test atbp.

## (2) Aichi Prefecture Higashi Mikawa Vocational Training Institute　HIGASHI MIKAWA KOU (Aichi-ken Ritsu Higashi Mikawa Kōtō Gijutsu Senmonkō)

Sa paaralang ito, tumutulong mapa-unlad ang kakayahan at nagsasagawa ng bokasyonal na pagsasanay.　Nagre-recruit ng 30 katao para sa interior design department at ang panahon ng pagsasanay ay 6 na buwan.　Ang sakop ng entrance exam ay Japanese, Mathematics at interview.　Mangyaring kumonsulta sa inyong class teacher kung nais pumasok sa paaralang ito, dahil may mga papeles na kailangang isumite sa Employment Security Office (Hello Work).

Gayundin, para sa mayroong kapansanan, nagbibigay ng Vocational training sa Aichi-ken Shōgaisha Shokugyō Nōryoku Kaihatsukō "Aichi Vocational Skill Development School" para sa mga may kapansanan (Toyokawa City).　Upang magpatala sa paaralang ito, kailangang magsumite ng ilang mga papeles sa Employment Security Office (Hello Work).

## (3) Pagtatrabaho

Para sa nais na magtrabaho pagkatapos makagraduate ng junior high school, kailangang magsagawa ng konsultasyon kasama ang pamilya, class teacher at Employment Security Office (Hello Work).　Mangyari po lamang na ipaalam sa class teacher ang tungkol dito.　Gayunpaman, para sa inyong kaalaman, ang pangangailangan para sa junior high graduates na manggagawa ay napakababa sa mga nagdaang taon. Walang alok ng trabaho ang Employment Security Office (Hello Work) sa Toyohashi / Tahara city hanggang katapusan ng Marso, 2024.

Magtanong sa pamilya, mga kaibigan at mga kapitbahay kung may alam ng anumang mga trabaho na maaaring pasukan.

## 4. Q & A

**Q1: Hindi ko alam ang sistema ng entrance exam sa Japan at hindi ko alam kung kailan at ano ang dapat gawin. Maaari po bang malaman ang pang-1 taong Academic & Career schedule ng isang tipikal na estudyanteng 3rd yr. junior high school?**

| | | |
|---|---|---|
| April | Academic achievement test | |
| May | Periodical Test I | |
| June | Career Options Information Session<br>Survey para sa papasukang Senior HS (1)<br>Periodical Test II | -Nakatuon sa Private senior high schools. May pupuntang guro galing sa private senior high schools upang magpaliwanag. |
| July | Parents and Teachers Meeting | |
| August | Open school sa Senior High School (obserbasyon) | -Tuloy pa rin ang open school matapos ang August. Idaan ang pag-apply sa Junior high school. |
| September | Survey para sa papasukang Senior HS ②<br>Ability Test | |
| October | Periodical Test III<br>Career Options Information Session | - Career Options Information Session Nagpupunta ang guro ng senior high schools upang magpaliwanag. |
| November | Ability Test (3rd yr. lamang)<br>Periodical Test IV<br>Survey para sa papasukang Senior HS ③ | |
| December | Parents and Teachers Meeting | -Final na desisyon para sa kukuhanang Private at public senior high school entrance exam. |
| January | Periodical Test V<br>Private school's entrance exams para sa Recommended students (Jan.15)<br>Private school's entrance exams para sa General exam (Jan.22, 23, 24) | |
| February | Public school's entrance exams para sa Recommended students (Feb.6)<br>Special examination for foreign students (Feb.6)<br>Tokushoku Senbatsu (Feb.6)<br>Part-time High School/Flexible Entrance Exams (Feb.13)<br>Public school's General Entrance Exams (Feb.26) | Public senior high school interview A sched (Feb.27)<br>Public senior high school interview B sched (Feb.28)<br>※Isang beses lamang ang academic written exam. |
| March | Graduation Ceremony (Mar.7) Tentative | |

＊Depende sa junior high school, ang pangalan, bilang at ang petsa ng test ay maaaring magkaiba nang kaunti.

## Q2: Ano ang Pagkakaiba ng Junior High School at Senior High School?

Ang malaking pagkakaiba ay: ang junior high school ay obligatoryong edukasyon at walang repeater na estudyante. Samantala, sa senior high school ay kapag masyadong mababa ang marka at maraming absent sa klase ay hindi maaaring magpatuloy sa susunod na taon o kaya'y hindi makakagraduate. Ang pagpasok sa senior high school ay upang mapahusay ang sariling interes at kakayahan. Kung kaya't kailangang sariling desisyon kung saan papasok at kung hindi seryoso sa pag-aaral ay hindi makakatapos.

## Q3: Anu-anong mga kwalipikasyon ang kailangan upang makakuha ng entrance exam sa senior high school?

Ang sinumang higit sa 15 taong gulang at pumasok sa elementarya at junior high school (kabuuang 9 na taon) sa Japan o sa ibang bansa ay karapat-dapat na kumuha ng entrance exam ng senior high school.

## Q4: Paano ang mga aklat? Saan bibilhin ang mga ito?

Sa elementary at junior high school ay binibigay ang mga libro nang libre. Gayunpaman, hindi pareho sa senior high school. Pagkatapos magpa-enroll, bibilhin ito ayon sa tagubilin ng paaralan. Higit kumulang ng ¥ 20,000 –30,000.

## Q5: Ano ang ibig sabihin ng "NAISHINTEN" ("Chōsasho hyōtei")?

Ang salitang "Naishinten"(grades evaluation report card) ay kadalasang ginagamit sa paaralan ngunit ang pormal na pangalan nito ay, "Chōsasho hyōtei". Ito ay katumbas ng isang rekord ng kabuuang marka (5 pts. scale) sa paaralan. Napakahalaga ng mga pinagsamang marka ng 3rd yr., dahil ang pagpasa / pagbagsak ay batay sa magkasamang pagsusuri ng academic written exam at "Chōsasho hyōtei(naishinten)" sapagkat ito ang pagbabasihan upang makapasok sa senior high school.

## Q6: Mandatoryo po ba ang school at P.E. uniforms? Magkano po ang aabuting halaga?

Karamihan ng senior high schools ay nakatalaga ang mga sariling kasuotang pampaaralan, P.E. uniform at sapatos. Depende sa paaralan, may kaunting pagkakaiba ang presyo ng mga uniporme at sapatos na may sumatotal na higit kumulang ¥100,000. Kailangang bumili ng uniporme kapag nagpa-enroll, kung kaya kailangang maghanda ng pambayad kasama ng enrollment fee, uniporme at textbook fee. May mga paaralan ding hindi kinakailangan ang uniform para sa part-time (panggabi) at correspondence senior high school (home-based learning).

**Q7: Dahil sa kahirapang pang-ekonomiya, maaari bang mag-trabaho habang nag-aaral?**

Maraming mga mag-aaral na gustong magtrabaho habang nagpapatuloy sa kanilang pag-aaral. Kapag part-time school (panggabi), maaaring magtrabaho sa umaga at pumasok sa paaralan sa gabi. Sa Toyohashi city, may 2 paaralan na maaaring pasukan: Toyohashi Municipal Senior High School (Ichiko) at Toyohashi Kōka Kōkō. Sa kalapit na lungsod, Gamagori Senior High school (Gamogori City, Ue Honmachi), at Arai Senior High School ( Kosai City, Araicho ) para sa part time na panggabi at may Mito Aoba kōkō (Toyogawa city Mitochō) para sa part time (pang-araw).

Ang mga paaralang ito ng part-time ay orihinal na itinayo para sa mag-aaral na gustong magtrabaho habang nag-aaral. Kaya kung nagtatrabaho (part time) nang higit sa 90 araw o higit pa sa isang taon, makakatanggap ng tulong pang-pinansyal para sa mga textbook at iba pang mga pangangailangan sa paaralan. Mayroon ding mga paaralang pang-home-based system kung saan maaaring makakuha ng degree na senior high school (halimbawa, Kenritsu Kariya Higashi Senior High School, Aichi Sangyō Daigaku Mikawa Senior High, Mito Aoba Senior High School, atbp.)

**Q8: Matapos mag-enroll sa senior high school, nagpaplano ako makakuha ng part time na trabaho. Magiging ok po ba ito?**

Para sa isang part-time na paaralan, hinihikayat din ang part-time na trabaho. Gayunpaman, para sa full-time senior high school, kakailanganin ang pahintulot ng paaralan bago makakuha ng isang part-time na trabaho. Pagkatapos mag-enroll, makipag-usap sa inyong mga guro at magtanong.

**Q9: Ano ang ibig sabihin ng "Open School" o Open Campus? Kung pupunta ako, ano ang dapat kong pag-ingatan?**

Ang isang "Open School" o Open Campus ay ang pagkakataon na bisitahin ang mga senior high school at vocational school upang maranasan kung ano ang mga karaniwang uri ng klase at club at paglilibot sa paaralan. Kung interesado at naiisip kung anong ginagawa sa klase ng Kōka Kōkō, atbp., kung interesadong magpatuloy sa Senior high school, inirerekumenda na pumunta sa open school sa ilang mga senior high school.

Ang registration form para sa open school ay binibigay sa junior high school. Maaaring isulat ang mga impormasyong kailangan sa registration form at ipasa sa class teacher o maaari ring mag-apply online (WEB) nang mag-isa. Maaaring bumisita sa iba't-ibang paarala ng gusto mong puntahan. At kung nakapagpasa ng registration form, siguruhing pumunta at huwagmag-absent. Tandaan na magsuot ng naaangkop (magsuot ngiyong uniporme sa paar alan) at isipin ang inyong asal sa panahon ng mga pagbisita.

## Q10: Hanggang kailan ba dapat magdesisyon para sa karera?

Kailangang magdesisyon hanggang October kung magpapatuloy sa pag-aaral o magtatrabaho. Kung magpapatuloy sa pag-aaral sa senior high school, ang mga pagpipilian ay nakalista sa ibaba A〜D pattern at ang nilalaman ay pag-uusapan sa pulong ng mga magulang at guro sa December. Sa puntong ito, kayo din ang magpapasya kung saang paaralan ang kukuhanan ng pagsusulit.

A: Sa Private Senior High schools lamang magte-take ng exam.

B: Sa Public at Private Senior High schools magte-take ng exam.

C: Sa Public Senior High schools lamang magte-take ng exam.

D: Sa Technical o Vocational schools magte-take ng exam

## Q11: Ilang subject ang ibinibigay para sa academic written exam (entrance examination)?

May pagkakaiba ang bawat paaralan. Sa general exam sa public school, may written exam sa unang araw sa limang subject; Japanese, Math, Social Studies, Science at English. Mark sheet method. At sa pangalawang araw ay may interview test. (May mga senior high school na walang interview test). Sa general exam sa private senior high school ay may exam din sa nasabing limang subjects, subalit para sa recommended students ay may karaniwang exam sa Japanese, Math, English at interview. May ilang paaralang nagpapasulat ng essay writing compositon. Magtanong sa teacher sa junior high school tungkol sa entrance exam para sa paaralang kukuhanan ng test.

## Q12: Paano isinasagawa ang interview test?

Sa interview, kadalasang itinatanong ng guro sa senior high school ang dahilan kung bakit nais makapasok sa kanilang paaralan at ang tungkol sa pamumuhay sa junior high school.
May mga individual interview kung saan iniinterbyu nang isa-isa ang mga bata at may group interview kung saan magkakasabay na iniinterbyu ang mga batang kumukuha ng pagsusulit. Ang interview ay isasagawa sa wikang Hapon. Tinitingnan ng guro sa senior high school hindi lamang ang kanyang sinasabi, kundi pati na rin ang kanyang saloobin at attitude.

Karamihan sa junior high school ay nagbibigay ng espesyal na pagsasanay para sa interview. Kung may nais malaman ay magtanong sa mga teacher sa junior high school.

## Q13: Anong ibig sabihin ng GAIKOKUJINSEITOTOU SENBATSU ng para sa foreign students?

**★GAIKOKUJINSEITOTOU SENBATSU**

**(Special entrance examination para sa banyagang estudyante, atbp.)**

Ang Prefectural Toyohashi Nishi Kōkō, Prefectural Toyokawa Kōka Kōkō, Prefectural Mito Aoba Kōkō regular course ay may prosesong espesyal na pagsusuri para sa foreign students. Ang mga foreign students na makakapasa sa exam at matatanggap sa paaralan ay makakatanggap ng special japanese lesson at subject instruction support. Ang mga estudyanteng maaaring mag-apply ay kailangang magtaglay ng mga sumusunod na kwalipikasyon: Naninirahan sa Aichi prefecture kasama ang magulang/guardians, foreign nationality ang bata o magulang at estudyanteng dumating o nag-enrol sa Japan noong siya ay Grade 4 pataas. Ang batang dumating o nag-enrol sa Japan nang Grade 3 pababa at may acceptable reason ay maaari ring maging qualify, gayundin naaangkop ito sa mga estudyanteng may kabuuang panahon ng pamumuhay sa Japan nang mas mababa sa 6 na taon mula dumating sa Japan.

Ang entrance exam na ito ay pareho sa recommended examination na kailangang maging 1st choice sa pinagpipilian. Magte-take ng special entrance examination para sa foreign students ng (45 minutes) na may Hiragana sa itaas ng Kanji sa pinagsamasamang basic content ng Japanese, Math at Foreign language (English). Ito ay hindi mark sheet method. Ang interview ay isasagawa sa salitang Japanese sa parehong araw.

Ang mga matagumpay na aplikante ay huhusgahan batay sa nilalaman ng mga isinumiteng dokumento, resulta ng academic written exam para sa foreign students at ang resulta ng interview .

Ang mga estudyante na hindi nakapasa sa espesyal na pagsusuri ay maaaring kumuhang muli ng entrance exam sa parehong paaralan bilang general examination.

**Q14: Totoo ba na may Japanese Furigana sa exam ng part time senior high school? Ano ito?**

Sa entrance examination para sa part-time course sa isang pampublikong high school ay may Japanese furigana (hiragana sa kanji) at maaaring magkaroon ng indibidwal na interview kung kwalipikado sa mga sumusunod na kondisyon:

(1) Mga estudyanteng may foreign nationality o ang mga magulang ay may foreign nationality at mga estudyanteng may special circumstances.

(2) Estudyanteng dumating o nag-enrol sa Japan noong Grade 4 pataas, estudyanteng dumating sa Japan noong Grade 3 pababa at may acceptable reason, o ang kabuuang panahon ng pamumuhay sa Japan ay mas mababa sa 6 na taon. Para sa malinaw na detalye, magtanong sa guro sa junior high school.

**Q15: Interesado ako sa mga computer. Mayroon bang anumang paaralan na akma sa aking interest?**

May ilang computer Vocational Training Center. May business course, information technology course at iba pa, depende sa paaralan, magkakaiba ang tawag dito. Maaaring matuto mula sa pangunahing kaalaman sa paggamit ng business software hanggang sa information system knowledge and skills. May ilang mga vocational training center na nag-aalok din ng senior high school course.

Maliban sa computer, may ilang vocational training center na maaaring makakuha ng National certifications para sa chef, fashion designer at electrician na maaaring mapakinabangan sa hinaharap.

Ang tuition fee para sa vocational training center ay may kamahalan dahil ito ay paaralan ng private enterprise. Maliban sa tuition fee, kailangan din ng karagdagang halaga para sa technical knowledge at materials fee. Gayundin, kung paaralang may senior high school course, kailangan din ng karagdagang kabayaran.

Depende sa paaralan, ang halaga ng entrance exam ay may pagkakaiba, higit kumulang ¥15,000〜20,000. Sa enrollment, bukod sa enrollment fee, maaari rin na kailanganing bayaran ang training fee at facility fees. At maaaring kailanganing bumili ng mga tools tulad ng knife set at gunting, depende sa kursong pag-aaralan.

Ang bayad sa paaralan para sa unang taon ay mula ¥1,000,000〜1,500,000. Kailangang alamin ang kabuuang gastos hanggang makagraduate at magtabi ng pera. Maaari ring mapakinabangan ang school subsidy system. Magtanong sa guro kung nais malaman ang detalye ng programa.

## Q16: Ano ang "TOKUSHOKU SENBATSU"(Specialized Selection) (Pagrerekumenda ng sarili sa paaralan)

Ang "TOKUSHOKU SENBATSU" (Specialized Selection) (pagrerekumenda ng sarili) ay isasagawa sa ilang mga senior high schools at mga departamento sa mga specialized course, integrated course, ordinary course na may natatanging curriculums tulad ng pag-set up ng mga kurso, at senior high schools na nagsasagawa ng mga aktibidad na pang-edukasyon na nakabatay sa komunidad (community-based educational activities).

Kinakailangan ang isang interview para sa entrance examination, at bilang karagdagan, academic written exam, presentation at magsasagawa ng special examination (practical examination).

Ang mga dokumentong ipapasa ay isang aplikasyon para sa pagpasok, isang survey, at isang pahayag ng dahilan para sa aplikasyon . Ang aplikante mismo ang magsusulat sa dahilan ng aplikasyon.

Hindi posibleng mag-apply kasabay ng iba pang mga pagpipilian tulad ng selection by recommendation at GAIKOKUJINSEITOTOU SENBATSU (Special entrance examination para sa banyagang estudyante)

Sa Higashi Mikawa area, isasagawa ito sa mga susunod na senior high school. Kung interesado, kausapin ang guro sa junior high school. ↓【Last school year】↓

| Pangalan ng Paaralan | Course | Nilalaman ng Entrance Examination | ［Reference］ Capacity |
|---|---|---|---|
| **Toyohashi Minami** | Regular | Presentation | Hanggang higit kumulang 5 katao |
| **Toyohashi Shōgyō** | Commerce | Basic academic written exam | 12 |
| **Sei-shou** | Integrated Business | Basic academic written exam | 8 |
| | Lifestyle & culture | Basic academic written exam | 8 |
| **Fukue** | Regular | Basic academic written exam | 8 |
| **Atsumi Nōgyō** | Agriculture・ Horticulture | Basic academic written exam | 16 |
| | Food Science | Basic academic written exam | 8 |
| | Lifestyle Science | Basic academic written exam | 8 |
| **Kou** | Integrated Business | Basic academic written exam | 4 |
| **Mito Aoba** | Regular | Presentation | 24 |
| **Kozakai** | Regular | Essay writing composition | 14 |
| **Hou-ryou** | Welfare and Social Work | Basic academic written exam | 4 |
| **Miya Suisan** | Marine Science | Presentation | 2 |
| | Telecommunications | Presentation | 2 |
| | Marine Resource Science | Presentation | 2 |
| | Fisheries and Food Production | Presentation | 2 |
| **Shinshiro Yūkyōkan** | Integrated (Humanities) | Essay writing composition | 24 |
| | Integrated (Specialization) | Essay writing composition | 24 |
| **Tsukude kōsha** | Social and Environmental Studies | Essay writing composition | 8 |

## 5. Personal na Karanasan

Ako ay Grade V nang unang dumating sa Japan. Nag-alala ako noon dahil wala akong alam sa salitang hapon at kultura ng Japan. Sa kabila ng kahirapan, natutunan ko ang salitang hapon at nasanay sa buhay sa paaralan. Makalipas ang isang taon, dahil sa kalagayan ng pamilya ay kinailangan naming bumalik sa aming sariling bansa at doon magpatuloy ng pag-aaral. Bumalik kami muli sa Japan ng buwan ng Enero noong ako ay second year junior high school.

Kahit nakakaintindi ako ng kaunting Japanese dahil ito ay pangalawang pagkakataon ko sa Japan, mahirap para sa akin ang makayanan ang pag-aaral. Nagkaroon ako ng ilang kaibigan ngunit wala akong ideya tungkol sa issue sa senior high school. Nakadama ako ng kalungkutan araw-araw dahil maging ang mga magulang ko ay walang alam sa sistema ng pag-aaral sa Japan. Iyon ang panahong kinausap ako ng class adviser at teacher sa kokusai (international class).

Inanyayahan nila ang isang interpreter at sinabi ko sa kanya na hindi ko na alam ang aking gagawin. Napakabuti nila at pinakinggan ang aking istorya. Pinayuhan nila kaming pumunta sa “Consultation on Career for foreign student” na ginaganap sa City Hall at ipinaliwanag din nila sa parents and teachers meeting ang tungkol dito. Kaagapay ang tulong ng mga taong nasa paligid, nagsikap ako ng pag-aaral upang makapasa sa entrance exam sa senior high school.

Nagpapasalamat ako dahil nakapasa ako sa entrance exam ng paaralang gusto kong pasukan at kasalukuyan, sumali ako sa English club. Sumali ako sa club na ito dahil gusto kong maging independent at pangarap kong magtrabaho sa isang hotel na maraming foreigner customers. Nais kong matupad ang aking pangarap kung kaya’t nag-aaral akong mabuti upang makapasa sa Eiken (English Proficiency Test).

Nais kong iparating sa inyong lahat na “Kung gusto, may paraan”. Kahit na ang mga miyembro ng inyong pamilya ay hindi alam ang tungkol sa sistema ng Japan, tiyak na may isang taong makakatulong sa iyo. Kahit na hindi ka magaling makipag-usap sa salitang hapon, maging matapang at subukang makipag-usap sa mga guro at kaibigan. Siguradong makakahanap ka ng ilang mga pahiwatig. Papunta palang ako ngayon sa kwento ng tagumpay sa pagkamit ng aking mga pangarap. Halina at sabay nating abutin ang ating mga pangarap!

## 6. Pinakamahalagang Bagay

Taong 1990 nang unang pumasok ang mga foreign student sa Toyohashi elementary at junior high school. Sa kasalukuyan, may higit 2000 banyagang estudyante at dumarami ang mga batang nag-iisip para sa kinabukasan sa Japan at nagpapatuloy sa pag-aaral. May nagpapatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo, may nagtuturo sa paaralan ng Japan at mayroon ding mga nagtatrabaho sa munisipyo. Sa kabilang banda, isang katotohanan ang dahil sa pagkakaiba ng salita, kultura at kaugalian, may mga batang nawawalan ng gana sa pag-aaral at tumitigil sa pagpasok sa paaralan.

Maraming pagkakaiba ang sistema ng edukasyon sa Japan at sistema ng edukasyon sa ibang bansa, kung kaya't kahit matagal nang nananatilli sa Japan ang mga magulang ay madalas pa ring nalilito. Lalo na ang mga magulang na kararating lamang, mas maraming hindi nalalaman at mga problema. Subalit sa kahit anumang sitwasyon, ang pinakamalahaga ay ang gagawa ng pundasyon ng buhay, at ito ay ang edukasyon para sa mga bata.

Sa Japan, sa kadahilang ang obligatoryong edukasyon ay hanggang 15 yrs.old, hindi pinapayagang huminto sa pag-aaral o magtrabaho ang mga mag-aaral. Ito ay dahil ang edad na hangggang 15 yrs. old ay nangangailangan ng edukasyon. Upang makapasok sa senior high school sa Japan, kailangan ng graduation certificate galing sa junior high school sa Japan o sa ibang bansa.

Isang pagkakataon, may estudyante ng junior high school na huminto at pagkalipas ng ilang taon ay humingi ng payo sa amin dahil nais muling bumalik sa pag-aaral. Subalit kapag hindi nakatapos ng junior high school sa Japan o sa ibang bansa, kailangan ng lubos na pagsisikap.

Para sa mga magulang, huwag pong hayaan na huminto kaagad sa pag-aaral ang inyong anak. Kung sakaling may problema, humingi ng payo sa paaralan o secretary of education. Sama-sama po nating hanapan ng solusyon ang problema.

Dito sa Board of Education, Toyohashi Schools Division Office ay may tanggapan para sa pagbibigay ng payo at sagot para sa katanungan tungkol sa usapang pang-edukasyon. Ang pagbibigay-payo na may interpreter ay ang sumusunod na iskedyul. Huwag pong mag-atubiling pumunta.

Lugar: City Hall 11th floor "Tanggapan ng Konsultasyon Para sa Banyagang Mag-aaral"
Tel.no: 0532-51-2077

| | | |
|---|---|---|
| ・Konsultasyon sa Edukasyon na may Portuguese interpreter | Mon. ~ Fri. | 9:00~16:00 |
| ・Konsultasyon sa Edukasyon na may Spanish interpreter | Tues. | 11:00~15:30 |
| ・Konsultasyon sa Edukasyon na may Tagalog interpreter | Mon.,Weds.at Fri. | 11:00~15:30 |
| ・Konsultasyon sa Edukasyon sa Easy Japanese | Mon.~ Fri. | 10:00~17:00 |

Tulong Pangmatrikula para sa mga Prefectural Senior High School

(High School Tuition Support Fund System for Prefectural Senior High School)

Pamphlet QR sa bawat wika

| | | |
|---|---|---|
| <Japanese> にほんご | <English> English | <Chinese> 中文 |
| <Spanish> Español | <Português> Português | <Tagalog> Pilipino |

ChatRobot Maaaring magtanong sa bawat wika.

Japanese, English, Chinese (Simplified and Traditional), Korean, Português, Vietnamese, Russian, Spanish

にほんご,English,中文（简体）,中文（繁體）,한국어,Português,Tiếng Việt,Р у с с к и й,Español


合格発表